WHAT SHAPES US

# Ang Diyos

WEEK 1

## WARM-UP

- Anu-ano ang mga katangiang hinahanap mo sa isang kaibigan? Bakit mahalaga ang mga ito para sa iyo?
- Ano para sa iyo ang larawan ng isang modelong ugnayan sa iyong pamilya o mga kaibigan?
- Ano ang mga bagay na hindi pwedeng makompromiso sa buhay mo? Bakit mahalaga ang mga ito sa iyo?

## WORD

11*"Hanggang dito na lamang, mga kapatid, at paalam na sa inyo. Sikapin ninyo na walang makitang kapintasan sa inyo, at sundin ninyo ang mga payo ko. Magkaisa kayo at mamuhay nang payapa. Nang sa ganoon, ang Diyos na pinanggagalingan ng pag-ibig at kapayapaan ay sasainyo.*
12*Magbatian kayo bilang mga magkakapatid kay Cristo. Kinukumusta kayong lahat ng mga mananampalataya rito.* 13*Nawa'y sumainyong lahat ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu."* **2 CORINTO 13:11–13**

Ang ating *Statement of Faith* o Pahayag ng Pananampalataya ay nagsasaad ng labindalawang pangunahing doktrina na ating pinaniniwalaan at itinuturo sa ating iglesya, na batay sa salita ng Diyos. Ito ang pundasyon kung bakit natin ginagawa ang ating mga gawain at ang mga bagay na hindi maaaring palitan pagdating sa ating pananampalataya. Ang Pahayag ng Pananampalataya ay nakakatulong din para maunawaan natin ang pangunahing kwento ng ebanghelyo ayon sa Bibliya.

Sa mga sumusunod na linggo, tatalakayin natin ang anim sa labindalawang artikulo, simula sa pinakamahalaga—ang Diyos. Ang Diyos ang batayan ng ating pananampalataya at Siya ay mayroong tatlong persona: ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Ang bawat persona ay may natatanging tungkulin, ngunit lahat sila'y Diyos at may isang maayos at perpektong ugnayan sa isa't isa. Ngayong

araw, tingnan natin ang isang pagpapala mula kay apostol Pablo na nagpapakita ng iba't ibang tungkulin na ginagampanan ng bawat persona ng Trinidad.

## 1 Ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo ay nagbibigay kaligtasan.

*Nawa'y sumainyong lahat ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu.* **2 CORINTO 13:13**

(Basahin din ang **JUAN 1:14–17.**)

Ang biyaya ng Diyos—hindi karapat-dapat na matanggap na kabutihan at pabor—ay lubos na naipahayag kay Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos. Siya ay puno ng biyaya ng Diyos at Siya rin ang paraan kung paano tayo nakakatanggap ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus ang nagdadala sa atin ng kaligtasan bilang isang libreng kaloob. Sa pamamagitan ng pamumuhay ni Jesus sa mundo bilang tao, ipinaalala Niyang hindi Siya malayo sa atin. Siya ay labis na umaalala at nakikilahok sa ating mga buhay, na nagbibigay sa atin ng biyaya para maipamuhay natin ang uri ng buhay na nais ng Diyos para sa atin. Paano mo naranasan sa buhay mo ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo?

## 2 Ang pagmamahal ng ating Diyos Ama ang dahilan kung bakit Niya ibinigay sa atin ang Kanyang Anak.

*Nawa'y sumainyong lahat ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo,* ***ang pag-ibig ng Diyos****, at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu.* **2 CORINTO 13:13**

*"****Sapagkat ganito ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao sa sanlibutan: Ibinigay niya ang kanyang Bugtong na Anak****, upang ang sinumang sumasampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."*
**JUAN 3:16**

Bilang mga makasalanan, nararapat lamang nating maranasan ang walang hanggang pagkawasak. Pero dahil sa pagmamahal ng Diyos sa atin, hindi Niya nais na tayo'y mapahamak, at sa halip ay magkaroon ng walang hanggang ugnayan sa Kanya. Ang pagmamahal Niya para sa atin ang dahilan kung bakit Niya ipinadala si Jesu-Cristo upang mamuhay at mamatay para sa atin, at nagawa Niyang ipakita ang Kanyang pagmamahal at katarungan. Si Jesus ang ganap na pagpapahayag ng Diyos ng pagmamahal Niya sa atin—Siya ang paraan kung paano natin matatanggap ang kapatawaran at walang hanggang buhay, at kung paano tayo magkakaroon ng ugnayan sa Diyos. Ano pa ang ibang paraan kung paano ipinapakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa iyo araw-araw?

## 3 Ang pagkakaroon ng ugnayan sa Banal na Espiritu ay posible dahil Siya'y nananahan sa atin.

*Nawa'y sumainyong lahat ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu.* **2 CORINTO 13:13**

(Basahin din ang **1 CORINTO 6:19–20** at **2 CORINTO 6:16**).

Dahil sa pagmamahal at biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus, ang mga nagtitiwala sa Kanyang Anak ay ginawang malinis. Tayo ay maaari nang maging mga instrumento Niya, naging bahagi ng katawan ni Cristo, at ang ating mga katawan ay templo na ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay ang presensya ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan. Ang Kanyang presensya ang nagbibigay sa atin ng kakayahang magkaroon ng malalim na ugnayan sa Diyos dahil Siya ay hindi isang malayong Diyos kundi malapit na at lagi nating kasama. Ang Kanyang presensya ay isang nagpapatuloy na karanasan at paalala ng biyaya, pagmamahal, at kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay. Ang Kanyang presensya ang humihikayat at nagbubuklod sa atin bilang katawan ni Cristo. Ano ang ibig sabihin ng pakikipag-ugnayan sa atin ng Banal na Espiritu sa pakikipag-ugnayan naman natin sa loob ng iglesya, ang katawan ni Cristo?"

Bagamat mahalagang malaman ang tungkol sa Trinidad, limitado pa rin ang kakayahan ng tao na makilala Siya. Ipinapakita lamang nito kung gaano kalawak at kadakila ang ating Diyos. Nararapat natin Siyang sambahin dahil sa kung sino Siya. Hindi man natin ganap na malaman ang misteryo ng Diyos, maaari pa rin tayong mamuhay kasama Niya at magtiwala na tayo'y Kanyang lubos na kilala at minamahal.

## APPLICATION

- Ano tungkol sa Trinidad ang pinakanahihirapan kang maunawaan? Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng karunungan upang mas makilala Siya araw araw.
- Ano ang maaari mong simulang gawin para mas makapaglaan ng oras sa Diyos at sa Kanyang salita?
- Ang Trinidad ay ang perpektong halimbawa ng ugnayan sa Diyos. Ipanalangin ang biyaya upang makabuo ka ng mga maka-Diyos na ugnayan sa iyong buhay, at na pipiliin mo ang pagkakaisa sa iglesya sa kabila ng mga pagsubok.

## PRAYER

- Ipanalangin na habang mas nakikilala mo ang Diyos, mas ipapakilala Niya sa iyo ang Kanyang sarili bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu.
- Magpasalamat sa Diyos na sa tatlo Niyang likas na katangian, tinutugunan Niya ang bawat pangangailangan natin—sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig, biyaya, at pakikipag-ugnayan.
- Ipanalangin na ang Trinidad ang maging pundasyon ng bawat ugnayang mabubuo sa loob ng iglesya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ernie Aragon, Brandel Manalastas, Chrysse Manuel-Pili, Elijah Minguez, Bea Salcedo, Ian Susi, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.